



**Certificate in Biblical Studies
CBS500 Ang Mga Propeta**

**CBS502 Isaiah
Conrad Jun Tolosa**

Introduction

Si Isaiah ay isa sa mga pinaka-tanyag na propeta sa Lumang Tipan na kilala sa kanyang malalim at malawak na mga propesiya. Ipinanganak siya sa isang kilalang pamilya at lumaki sa lungsod ng Jerusalem, malapit sa mga pinuno ng kanyang panahon. Ang kanyang buhay at ministeryo ay naganap noong ika-walong siglo BCE sa panahon ng mga haring Uzziah, Jotham, Ahaz, at Hezekiah (Isaiah 1:1). Ito ang mga panahon ng kaguluhan sa pulitika, idolatriya, at kawalang-katarungan, ngunit dito rin ipinahayag ng Diyos ang ilan sa Kanyang pinakamahalagang mga pahayag. Ang mga propesiya ni Isaiah ay dokumentado sa Aklat ni Isaiah, na kilala sa kahusayan sa panitikan; sa masusing pag-aaral o pag-unawa sa mga doktrina, aral, at konsepto tungkol sa Diyos at pananampalataya; at mga makapropetang pananaw.

Ang Pagtawag kay Isaiah Bilang Propeta (Isaiah 6:1-8)

Nagsimula ang kuwento ni Isaiah sa isang makapangyarihan at life-changing na pakikipagtagpo sa Diyos. Nang mamatay si Haring Uzziah, pumasok si Isaiah sa templo upang manalangin, at dito, nagkaroon siya ng pangitain ng Panginoon na nakaupo sa isang trono, mataas at matayog, at ang laylayan ng Kanyang damit ay nakalatag sa buong templo. Nakapalibot sa trono ang mga serapin, mga anghel na may anim na pakpak, umaawit ng “Banal, banal, banal ang Panginoong Makapangyarihan sa lahat; ang buong daigdig ay puno ng Kanyang kaluwalhatian” (Isaiah 6:3).

Na-overwhelmed si Isaiah sa nakita niyang kabanalan ng Diyos. Tumugon siya, “Kawawa ako sapagkat ako ay isang makasalanan at mula sa isang lahing makasalanan. Mapapahamak ako sapagkat nakita ko ang Hari, si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat!” (Isaiah 6:5). Dumating ang isang serapin at dinala ang isang nagbabagang baga mula sa altar. Inilapat ito sa kanyang mga labi, at sinabi ng anghel, “Ngayong naidampi na ito sa iyong mga labi, pinatawad ka na at nilinis na ang iyong mga kasalanan.”

Narinig ni Isaiah ang tinig ng Diyos na nagsabi, “Sino ang aking isusugo? At sino ang hahayo para sa atin?” At si Isaiah, na punong-puno ng bagong pananampalataya, ay tumugon, “Narito ako. Isugo mo ako!” (Isaiah 6:8). Mula sa sandaling iyon, naging propeta si Isaiah, tinawag ng Diyos upang magdala ng mensahe ng paghatol at pag-asa sa mga tao ng Judah.

Mga Paghahayag ng Paghatol at Babala (Isaiah 1-39)

Ang mga unang mensahe ni Isaiah ay punong-puno ng babala sa Judah at sa mga pinuno nito. Ang mga tao ay lumayo sa Diyos, sumasamba sa mga diyus-diyosan, at nang-aapi sa mahihirap. Binalaan ni Isaiah na hindi papayagan ng Diyos ang kanilang pagrerebelde. Ipinahayag niya na parehong ang kaharian ng Israel (Hilagang kaharian) at Judah (Timog kaharian) ay mawawasak kung hindi sila magsisisi (Isaiah 1:21-23).

Binanggit din ni Isaiah ang mga pagdating ng makapangyarihang mga bansa tulad ng Assyria at Babilonia, na magiging instrumento ng Diyos sa pagpaparusa sa kanila. Sa isang famous passage, inihalintulad niya ang mga tao sa isang puno na puputulin, ngunit mag-iiwan ng tuod (Isaiah 6:13). Ang hulang ito ay natupad noong bumagsak ang Israel sa kamay ng Assyria noong 722 B.C. at nang bumagsak ang Judah sa Babilonia noong 586 B.C.

May ilang mga aral na matututuhan mula sa mga babala ni Isaiah. Una, ang kabanalan ng Diyos ay nangangailangan ng katarungan. Patuloy na ipinaalala ni Isaiah na ang Diyos ay banal at makatarungan, at hinihingi Niya sa Kanyang bayan ang pamumuhay ayon sa Kanyang mga pamantayan.

Ikalawa, ang pagsisisi ay mahalaga. Sa kabila ng mga mahihigpit na babala, laging may pagkakataon para sa pagsisisi. Tinatawag ni Isaiah ang mga tao na magbalik-loob sa Diyos, ipinapangako na Siya ay maawain at handang magpatawad (Isaiah 1:18).

Ang Propesiya Tungkol sa Mesiyas (Isaiah 7, 9, 11, 53)

Sa kabila ng mga mensahe ng paghatol, naghatid din si Isaiah ng dakilang pag-asa—ang pagdating ng isang Mesiyas, isang Tagapagligtas na magdadala ng pagtubos hindi lamang sa Israel kundi sa buong mundo. Isa sa mga pinakatanyag na propesiya ni Isaiah ay matatagpuan sa Isaiah 7:14, kung saan ipinahayag niyang isang birhen ang maglilihi at manganganak ng isang batang tatawaging Emmanuel, na nangangahulugang “Ang Diyos ay kasama natin.”

Sa Isaiah 9:6-7, ipinahayag ni Isaiah ang kapanganakan ng isang bata na tatawaging:

- Kahangahangang Tagapayo – Wonderful Counselor
- Makapangyarihang Diyos – Mighty God
- Walang Hanggang Ama – Everlasting Father
- Prinsipe ng Kapayapaan – Prince of Peace

Ang batang ito ay magtatatag ng isang kaharian ng katuwiran at kapayapaan, at ang Kanyang paghahari ay hindi magwawakas. Naniniwala ang mga Kristiyano na ang mga propesiyang ito ay tumutukoy kay Jesu Cristo, ang katuparan ng pangitain ni Isaiah tungkol sa pagdating ng isang hari na magliligtas sa Kanyang bayan.

Isa pang makapangyarihang propesiya ay makikita sa Isaiah 53, na tinatawag na Suffering Servant. Inilarawan ni Isaiah ang isang lingkod na tatanggihan ng mga tao, pahihirapan, at papatayin dahil sa mga kasalanan ng iba. Bagaman siya ay magdurusa, sa pamamagitan ng kanyang mga sugat, marami ang mapapagaling (Isaiah 53:5). Tinutukoy ng mga Kristiyano ang hulang ito bilang paunang salita sa sakripisyo ni Cristo sa krus para sa kasalanan ng sangkatauhan.

Si Isaiah at Haring Hezekiah (Isaias 36-39)

Nagkaroon ng mahalagang papel si Isaiah sa pamumuno ni Haring Hezekiah, isa sa mga mabuting hari ng Judah. Sa panahon ng kanyang paghahari, ang makapangyarihang Imperyo ng Assyria ay nagbanta na wawasakin ang Jerusalem. Sa takot, humingi si Hezekiah ng payo kay Isaiah.

Naghatid si Isaiah ng mensahe ng pag-asa: “Huwag kang matakot sa iyong narinig” (Isaiah 37:6). Ipinangako niya na ipagtatanggol ng Diyos ang Jerusalem. At gaya ng sinabi ni Isaiah, isang gabi,

pumatay ang anghel ng Panginoon ng 185,000 sundalong Assyriano, at ang natira ay umurong (Isaiah 37:36).

Nang magkasakit nang malubha si Hezekiah, sinabi ni Isaiah na mamamatay na siya. Ngunit pagkatapos manalangin si Hezekiah ng buong puso at umiyak sa Diyos, bumalik si Isaiah dala ang bagong mensahe: “Narinig ko ang iyong panalangin at nakita ang iyong mga luha; daragdagan ko ng labinlimang taon ang iyong buhay” (Isaiah 38:5).

Maliwanag na itinuturo sa bahaging ito ng buhay ni Hezekiah na dapat tayong magtiwala sa Diyos, hindi sa mga tao o kapangyarihan. Pinayuhan ni Isaiah si Hezekiah na magtiwala sa Diyos, at iniligtas sila ng Diyos mula sa mga Assyriano.

Matutunghayan din natin ang kapangyarihan ng panalangin. Nang manalangin nang taos-puso si Hezekiah, dininig siya ng Diyos. Ipinapakita nito na ang panalangin ng isang matuwid ay makapangyarihan at mabisa.

Huling Pahayag ni Isaiah: Bagong Langit at Lupa (Isaiah 65-66)

Sa huling bahagi ng buhay ni Isaiah, ipinakita sa kanya ng Diyos ang isang pangitain ng bagong langit at bagong lupa. Sa kaharian na ito, wala nang kamatayan o pagdurusa. Maging ang lobo at tupa ay magpapakain nang magkasama, at ang lahat ng bansa ay sasamba sa Panginoon. Ipinapakita ni Isaiah na ang panghuling layunin ng Diyos ay dalhin ang kapayapaan at pagtubos sa lahat ng nilikha.

Ang Pamana ni Isaiah

Ang buhay ni Isaiah bilang isang propeta ay puno ng pakikibaka, ngunit sa pamamagitan ng kanyang mga pangitain, mensahe, at pananampalataya, siya ay naging isa sa pinakamahalagang tinig sa kasaysayan ng bayan ng Diyos. Ang kanyang mga salita ay umalingawngaw sa mga siglo, gumabay at humubog sa pananampalataya ng sinaunang Israel at ng mga sumunod na henerasyon.

Bagaman ang tradisyon ay nagsasabing pinatay si Isaiah sa panahon ng paghahari ni Haring Manasseh, ang kanyang kamatayan ay hindi nagtapos ng kanyang impluwensya. Ang kanyang mga propesiya tungkol sa paghatol ay natupad nang tuluyang nasakop ang Judah at ipinatapon ang mga tao sa Babilonia. Subalit, ang pag-asa ng muling pagbangon na kanyang ipinahayag ay nagpatuloy na nagbibigay ng lakas sa mga tao habang sila'y nasa pagkakatapon, at ang kanyang mga pangako tungkol sa hinaharap na Mesiyas ay naging pundasyon ng kanilang pananampalataya.

Makalipas ang maraming siglo, naniniwala ang mga Kristiyano na ang mga propesiya ni Isaiah ay natupad sa pamamagitan ni Jesu Cristo, ang ipinangakong Mesiyas at Suffering Servant na dumating upang iligtas ang mundo mula sa kasalanan. Ang pangitain ni Isaiah tungkol sa isang bagong nilikha— isang mundo na puno ng kapayapaan, katarungan, at katuwiran—ay patuloy na nagbibigay inspirasyon ng pag-asa hanggang ngayon.

Multiple Choice:

1. Ang mensahe ni Isaiah ay naglalaman ng parehong paghatol at pag-asa. Bakit mahalaga para sa kanya na magsalita muna tungkol sa katarungan ng Diyos?
 - a. Para malaman ng mga tao na mahal sila ng Diyos nang walang pasubali.
 - b. Upang maunawaan nila ang kabigatan ng kanilang kasalanan bago marinig ang tungkol sa pag-asa.
 - c. Upang takutin sila sa pagsunod nang hindi nag-aalok ng anumang pagtubos.
 - d. Para bigyan sila ng panahon na pag-isipan kung magsisisi o hindi.

2. Sa Isaiah 6:5, sinabi ni Isaiah, "Kawawa naman ako! Sapagkat ako'y naliligaw; sapagka't ako'y taong may maruming labi" ay nagpapakita ng kanyang kamalayan sa kanyang hindi pagiging karapat-dapat sa presensya ng Diyos. Ano ang inihahayag ng sandaling ito tungkol sa kalikasan ng tao at kasalanan na may kaugnayan sa kabanalan ng Diyos?
 - a. Ito ay nagpapakita na ang kasalanan ay gawa lamang ng tao at hindi nakakaapekto sa relasyon ng isa sa Diyos.
 - b. Iminumungkahi nito na ang pagiging makasalanan ng tao ay walang katuturan hangga't ang isang tao ay nagsasagawa ng mga tungkuling panrelihiyon.
 - c. Itinuturo nito ang katotohanan na ang mga propeta lamang ang nakakaranas ng paniniwala ng kasalanan sa presensya ng Diyos.
 - d. Ipinakikita nito ang walang katapusang agwat sa pagitan ng pagiging makasalanan ng tao at ng ganap na kabanalan ng Diyos, na nagbibigay-diin sa pangangailangan ng sangkatauhan para sa paglilinis at pagtubos.


3. Aling pahayag ang tama tungkol sa mga babala ni Isaiah sa mga tao ng Judah?
 - a. Nagbabala si Isaiah na ang paghatol ng Diyos ay darating sa pamamagitan ng mga natural na sakuna lamang.
 - b. Hindi nagbigay ng anumang babala si Isaiah ngunit naghatid lamang ng mga mensahe ng pag-asa.
 - c. Inihula ni Isaiah na ang Judah ay mahuhulog sa mga taga-Persia sa kanyang panahon.
 - d. Nagbabala si Isaias na ang kaharian ng Israel at Juda ay mawawasak kung hindi sila magsisi.

4. Aling pahayag ang tama tungkol sa papel ni Isaiah noong panahon ng paghahari ni Haring Hezekiah?
 - a. Hinikayat ni Isaiah si Hezekiah na bumuo ng isang alyansa sa Ehipto upang labanan ang Assyria.
 - b. Sinabi ni Isaiah kay Hezekiah na tumakas sa Jerusalem nang sumalakay ang mga Assyrian.
 - c. Pinayuhan ni Isaiah si Hezekiah na magtiwala sa Diyos kaysa sa mga alyansang militar.
 - d. Hindi nakipag-ugnayan si Isaiah kay Haring Hezekiah.

5. Aling pahayag ang mali tungkol sa mensahe ng pag-asa ni Isaiah tungkol sa Mesiyas?
 - a. Inilarawan ni Isaiah ang Mesiyas bilang isang "Suffering Servant" na magdadala ng mga kasalanan ng marami.
 - b. Sinabi ni Isaiah na ang Mesiyas ay magdadala ng kapayapaan at magtatatag ng isang kaharian ng katuwiran.
 - c. Sinabi ni Isaiah na ang paghahari ng Mesiyas ay pansamantala at limitado sa Israel.
 - d. Ipinropesiya ni Isaiah na ang Mesiyas ay tatawaging "Kamangha-manghang Tagapayo" at "Prinsipe ng Kapayapaan."

6. Ang Isaiah 53 ay madalas na tinutukoy bilang "Suffering Servant" na passage. Paano hinahamon ng paglalarawan ng "Suffering Servant" ang mga tradisyonal na pananaw ng kapangyarihan at paghahari sa Lumang Tipan?
 - a. Ito ay nagpapatibay sa ideya na ang mga hari ay dapat mamuno nang may tapang at lakas.
 - b. Naglalahad ito ng pananaw ng pamumuno na nakaugat sa pagdurusa at sakripisyo, na kabaligtaran sa inaasahan ng Lumang Tipan sa isang mandirigmang-hari.
 - c. Itinatakwil nito ang pangangailangan para sa mga makalupang hari, na nakatuon lamang sa mga espirituwal na bagay.
 - d. Inilalarawan nito ang "Suffering Servant" bilang isang kabiguan, sa gayo'y nagpapawalang-bisa sa konsepto ng messianic na pag-asa.

7. Ang mga propesiya ni Isaiah ay madalas na itinatampok ang paghatol ng Diyos at ang Kanyang awa. Ano ang inihahayag nito tungkol sa kalikasan ng Diyos?
 - a. Ang paghatol ng Diyos ay hindi makatwiran, ngunit ang Kanyang awa ay walang hangganan.
 - b. Ang Diyos ay ganap na galit sa Lumang Tipan ngunit maawain sa Bagong Tipan.
 - c. Ang awa ng Diyos ay ipinaabot lamang sa mga napatunayang karapatdapat na.
 - d. Ang kabanalan ng Diyos ay nangangailangan ng paghatol sa kasalanan, ngunit ang Kanyang awa ay laging nag-aalok ng pagkakataon para sa pagsisisi at pagpapanumbalik.



© August 2024 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.